

# Ang mga Kilusang Radikal Cavinti, Laguna, 1890-1990: Ilang Mahahalagang Tala

**Evelyn A. Miranda**

Tatalakayin sa pag-aaral na ito ang mga kilusang radikal na nakaabot sa bayan ng Cavinti, Laguna simula sa panahon ng Katipunan noong 1890 hanggang sa kasalukuyang panahon. Bukod sa Katipunan, ang mga radikal na grupo o pangkat ay ang mga sumusunod: ang Kilusang Asedillo noong 1930, ang Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon, ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan at ang Bagong Hukbong Bayan.

Sa papel na ito titignan ang lokasyon ng Cavinti at kung bakit magandang pagtaguan ng mga rebelde. Ipaliliwanag din ang ekonomiya o sistema ng pamumuhay ng mga magsasaka at mga manggagawang bukid. Bakit sila naakit na sumama sa mga armadong grupo o pangkat? Aalamin din ang idyolohiya o paniniwala at mga prinsipyong ipinaglalaban ng mga radikal na pangkat. Ilalahad na ang ipinaglaban at ipinaglalabang prinsipyo ng katipunan, ang mga ideya nina Rizal at Bonifacio, ay walang iba kundi ang pagkakamit ng tunay na kasarinlan ng bansang Pilipinas na hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa natatamo ng mamamayang Pilipino sa kabuuan at ng mga Caviteño sa partikular.

⁂

SA PAG-AARAL NA ITO, TATALAKAYIN ANG MGA RADIKAL NA SAMAHAN o pangkat na kumilos o nakarating sa bayan ng Cavinti. Maliban sa Katipunan na itinatag ni Andres Bonifacio, ang pananaliksik na ito ay maglalahad din ng mga mahalagang pangyayaring may kaugnayan sa Kilusan ni Asedillo (Samahan ng mga Anak Pawis); ang Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon (HUKBALAHAP) na naging Hukbong Magpapalaya ng Bayan (HMB) at ang Bagong Hukbong Bayan o New Peoples Army (NPA). Ang mga binanggit na samahan ay hindi nagsimula sa Cavinti kundi nakarating sa bayan ng Cavinti mula sa mga karatig lugar tulad ng Pagsanjan, San Antonio, Paete at iba pang bayan sa Laguna at Quezon (dating Tayabas).

Matatagpuan ang bulubunduking bayan ng Cavinti sa bandang hilagang-silangan ng Laguna sa paanan ng bundok ng Sierra Madre at nakaharap sa bundok Banahaw. Kung susundan ang daan ng mga sasakyan, nasa pagitan ang Cavinti ng Pagsanjan at ng bayan ng Luisiana, malapit sa hangganan (*boundary*) ng lalawigang Quezon. Bagama't ang Pagsanjan Falls ay nasa teritoryo ng Cavinti, ito ay isinunod sa pangalan ng Pagsanjan dahil mararating lamang ito sa pamamagitan ng pamamangka sa ilog Pagsanjan. May labing siyam na baryo ang Cavinti at ang populasyon ay humigit-kumulang sa labing-pitong libong mamamayan.[1] Ang mga baryo sa Silangan tulad ng Bukal, Sisilnin at Layug na malapit sa kagubatan ay dating liblib at masukal. Sa kasaysayan ng Laguna at Quezon, nababanggit na dinaraanan at nagsisilbing pahingahan ang mga baryong naturan ng mga manlalakbay lalo na yung mga nagtatago at lumalaban sa pamahalaan. Magandang kublihan ang mga lugar na ito dahil sa madawag at malayo sa sentro ng komunidad.

Tungkol naman sa pamumuhay ng mga Cavinteño, marami ang mga magsasaka at magbubukid. Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga mamamayan. Iilan lamang ang pamilyang may malawak na lupain, karamihan ay may kapirasong lupang sinasaka. Gayunpaman, ang karanasan ng mga manggagawang bukid sa Cavinti ay hindi hiwalay sa karanasan ng mga magsasaka sa ibang parte ng kapuluang Pilipinas. Marami rin ang naghikahos sa matagal na panahon sanhi ng pagpataw ng mataas na tubo o interes ng may-ari ng lupa sa mga utang ng mga tenante at iba pang uri ng labis na pagpapatubo. Ang kanilang kahirapan ay lalo pang tumitindi sa pagdating ng pana-panahong peste, bagyo at iba pang kalamidad.[2]

## Mga Kilusang Radikal sa Panahong Kolonyal

Noong panahon ng pamamahala ng Kastila, hirap na hirap ang mga mamamayan ng Cavinti tulad din ng mga Pilipino sa ibang lugar ng bansa, dahil sa pag-abuso ng mga awtoridad na Espanyol lalo na ang mga prayle at ang mga guardia sibil. Walang kalayaan ang mga tao at sapilitan ang pagtupad nila sa mga patakaran at regulasyon ng pamahalaan. Sa Cavinti ang mga kalalakihan ay pinagtitibag ng bato sa kabundukan upang maitayo ang simbahan. Maraming buwis ang kinokolekta sa mga taong bayan. Ang kapitan municipal ang namamahala sa koleksyon at siya rin ang nagbibigay sa prayle ng listahan ng hindi nakakabayad. Malupit sa mga tao ang mga guardia sibil na karaniwan ay mga Ilocano, Kapampangan at mga Bisaya.[3]

Noong una, ang mga mamamayan ay sumusunod sa mga patakarang ipinatutupad ng prayle subalit pagkalipas ng panahong 1890, nagbago ang kanilang damdamin at reaksyon sa mga regulasyon ng mga Espanyol. Dati ang persepsyon ng mga taga-Cavinti sa pari ay Diyos na dapat igalang, dapat sundin. Ang ganitong persepsyon ay nabago, dahil marahil sa epekto ng kilusang repormista o propaganda noong mga 1880-1890. Ang dating bulag

na pagtupad sa mga batas ng prayle at gobyerno ay nauwi sa pagkutya at pag-aalinlangan. "Ang pari po pala ay hindi Diyos kundi tao at nagkakamali rin," iyan ang maririnig sa mga tao.[4] Maraming mga katiwalian at pag-abuso ng mga prayle ang nalantad sa mga mamamayan na siyang ikinamuhi ng huli sa una. Ito ang isa sa mga mahalagang dahilan ng pag-unlad ng rebolusyon sa Cavinti noong mga 1890.[5]

Sang-ayon kay Gregorio Zaide, ang sangay ng Katipunan ni Andres Bonifacio ay itinatag sa Pagsanjan, Laguna noong ika-12 ng Disyembre 1894 sa ilalim ng pangangasiwa nina Severino Taiño at iba pang kasamahan niyang mangangalakal. Ang sangay ng Katipunang ito ay tinawag na Maluningning.[6] Mula Pagsanjan, ipinalaganap nina Taiño at ng kanyang mga kasama tulad nina Pedro Caballes, Francisco Abad, Mariano Crisostomo at iba pa ang mga ideya at prinsipyo ng rebolusyon sa mga karatig lugar kasama na ang bayan ng Cavinti. Ang pakikipaglaban para sa kalayaan, pagkakapantay-pantay ng mga tao o demokrasya at pagdadamayan ang ilan sa mga mahalagang prinsipyong itinaguyod ng Katipunan.[7]

Batay sa mga lokal na ulat, unang napabalita sa bayan ng Cavinti ang kaguluhan sa Maynila tungkol sa himagsikan noong ika-3 ng Agosto 1896. Marami raw tulisan ang gumagala sa San Juan del Monte, Sta. Ana at sa Sta. Mesa.[8] Araw-araw napapabalita na ang mga dating tulisan ay rebelde na ang pangalan. Ang mga rebeldeng ito ay wala namang armas maliban sa ilang baril at karamihan ay tungkod at gulok lamang ang gamit sa pakikipaglaban.

Napabalita rin sa Cavinti noong ika-29 ng Agosto na sina Bonifacio at ang kanyang mga kasama ay lalong dumarami habang sila ay dinarakip at tinutugis ng mga sundalong Kastila at bayarang Pilipino. Hanggang sa lumaganap na ang kaguluhan at makarating sa Laguna. Pinagbibigyan ng mga baril ang mga pari at nagtipun-tipon sila sa kanilang probinsya. Nagkaroon ng mga

deskasamentong kasadores at mga boluntaryong Pilipino sa bayan-bayan.[9]

Tulad ng nabanggit sa unahan, may Katipunero na sa Cavinti noong Disyembre 1894 sa pamamahala nina Severino Taiño at Francisco Abad. Gayunpaman, ang aktwal na pakikibahagi ng Cavinti sa himagsikan ay naganap lamang noong Nobyembre 1896. Madalas magkaroon ng engkuwentro sa daang pagitan ng Cavinti at Luisiana. Ang isang mahalagang pakikipaglabang ginawa ng mga Cavinteño kasama ng mga Katipunero sa iba't ibang bayan ng Laguna ay naganap noong salakayin ang himpilan ng mga Kastila sa Sta. Cruz.

Sang-ayon kay Santiago Alvarez at Ladislao Linay noong ika-15 ng Nobyembre 1896, hindi pa man sumisikat ang araw nang magtipun-tipon sa isang kubling lugar sa may Pagsanjan ang mga Katipunero mula sa iba't ibang bayan ng Laguna sa pamumuno ni Severino Taiño. Ang mga taga-Cavinti ay tumulong sa paghahanda ng pagkain. Mula sa Pagsanjan, isinagawa ng mga Katipunero ang pagsalakay sa himpilang kumbento ng mga Kastila sa Sta. Cruz. Ang mga taga-Cavinti ay may labimpitong baril lamang.[10] Karamihan ay gulok at tungkod ang dalang sandata. Bagamat marami ang mga Katipunero, hindi sila nagtagumpay na makuha ang *headquarters* ng mga Kastila. Marami ang napatay. Ang natira ay napilitang magtago sa mga karatig lugar at ang iba naman ay tumakbo sa kabundukan.

Sa bandang hapon pagkatapos ng pagsalakay sa himpilan ng mga Kastila sa Santa Cruz, nabalitaan ng mga rebeldeng may dumating na isang tropa ng mga Katipunero mula sa Talisay upang tumulong sa kanilang mga kapwa Katipunero. Sinalubong ng mga rebeldeng nakahimpil sa Magdalena ang pangkat mula Talisay sa pag-aakalang sila'y mga kasamahan nila. Ang katotohanan sila pala ay mga kalaban. Ginamit ng mga Kastila ang mga Pilipinong *cazadores* upang labanan ang mga Katipunero. Sa pangyayaring ito, nasugatan ang isang dating opisyal ng baryo sa Cavinti, si Juan Gallardo.[11]

Nang maganap ang kasunduan sa Biyak-na-Bato, si Severino Taiño ang napag-utusan ni Aguinaldo na mangolekta ng mga isinusukong armas.[12] Bagamat natigil ang labanan sa pagitan ng mga Kastila at mga Katipunero sa loob ng dalawang buwan o noong mga unang buwan ng taong 1898 sanhi ng naturang kasunduan, hindi pa rin tuluyang nagbaba ng sandata ang mga Katipunero. Sa Cavinti at sa iba pang bayan sa Laguna, nagpatuloy ang pakikipaglaban ng mga rebelde hanggang sa magapi nila ang mga Kastila at makuha ang probinsya ng Laguna noong Agosto 1898.[13]

Nang panahong iyon, si Emilio Jacinto ay nasa probinsya na ng Laguna at nagtatag na siya ng mga Sangguniang Hukuman — mga lokal na pangasiwaan sa mga bayan ng Laguna. Kaya't nang dumating ang mga Amerikano, may dalawang tagapangulo ang bayan ng Cavinti. Ang isa ay si Pangulo Villanueva na ang kampamento ay nasa gubat at suportado ng Katipunero at ang isa ay si Pangulong Bonifacio Cabrera na itinalaga ng mga Amerikano sa bayan.[14]

Sa ilalim ng pamamahala ng mga Amerikano sa tulong ng mga Pilipinong edukado, hindi pa rin lubos at ganap ang kalayaan ng mga tao. Sa tingin ng mga mamamayan, lalo na ang mga pesante, ang mga opisyal na Pilipino ang nakikinabang sa pamamahala ng gobyernong Amerikano. Ang tunay na kalayaan at kaginhawaan sa pamumuhay ay hindi pa rin nakamtan. Wala pa ring reporma sa lupa at ang mga patakaran sa pagmamay-ari ng lupa ay nanatiling higit na pabor sa may-ari kaysa mga tenante.

Sa panahon ng pananakop ng Amerikano, ang mga lupang sinasaka ng mga Pilipino tatlong taon bago Agosto 1898 ay maaaring mabigyan ng opisyal ng pagmamay-ari (*title*) sa pamamagitan ng pag-apply ng patente. Subalit mahirap ang sistema at proseso ng aplikasyon dahil maraming papeles ang hinihingi ng pamahalaan. Sa kaso ng mga nag-prisenta ng patente, kailangan

ang sertipiko ng kamatayan (ng nagpapamana ng lupa), sarbey ng lawak ng lupain at iba pang papeles upang maproseso ang aplikasyon. Ang iba pang sistema ng pagkakaroon o pag-aangkin ng lupa ay sa pamamagitan ng pagprisenta ng *homestead*, pagbili at pagrenta ng lupa (*purchase and lease*). Sa kaso ng pagprisenta ng *homestead*, ang aplikante ay kinakailangan tumira sa ibibigay na *homestead* at dapat taniman ang lupa ng mga produktong agrikultural. Sa kaso naman ng pagbili at pagrenta ng lupa isinasaad ng batas na "ang mga lupain ay ipagkakaloob lamang sa pinakamataas na mananawad." Dahil dito, yun lamang mga propesyonal at may impluwensiya sa pamahalaan ang nabigyang benepisyo ng naturang patakaran kaugnay ng pagmamay-ari ng mga lupain. Sa Cavinti, yung mga opisyal na nakapag-aral at may koneksyon sa gobyerno ang napaboran ng nabanggit na patakaran. Sila ang nagkaroon ng oportunidad na mabigyan ng *homestead* at makabili ng mga lupain sa mababang halaga.

Sa paglipas ng mga taon, nagpatuloy ang ganitong sistema ng pagmamay-ari ng lupa. Ganito pa rin ang sitwasyon sa Cavinti noong mga 1930. Bukod dito, lalong naghirap ang mga magsasaka dahil sa gipit ang kanilang kalagayan. Maraming mga di-makatarungang sistema ng pagpapautang sa mga tenante ang ginawa ng mga nagmamay-ari ng lupa. Halimbawa, ang sistemang takalanan. Ang takalanan ay isang kasunduan na kung saan ang kasama ay sumasang-ayong magbayad ng isang kabang palay sa panahon ng tag-ani sa bawat dalawang pisong nahiram o natanggap sa may-ari ng lupa. Halimbawa, ang halaga ng isang kaban ay pitong piso at singkwenta sentimos (P7.50) sa panahon ng pagbabayad. Ang utang na dalawang piso (P2.00) ay nababayaran ng P7.50, kung kaya't may tubo nang 250%. Sa pasunod, sa bawat dalawang pisong natanggap ng kasama, isang kabang palay ang kabayaran. Ang kaibhan lang nito sa takalanan ay ang salaping hiniram ay kailangan ng kasama bilang suporta sa taong (*year*) yaon,

at ang kasama ay boluntaryong humihingi ng paunang bayad, kahit kailangan niya o hindi. Talindua naman ang tawag sa mga kasunduan na nagpapahiram sa kasama ng dalawang kabang palay sa simula ng taniman ng taon at binabayaran niya ng tatlong kaban pagkatapos ng anihan. Ang takipan ay katulad ng talindua. Kaya lamang, ang nauna ay mas mabigat, sapagkat sa bawat kabang palay na tinatanggap ng kasama, dalawang kaban ang ibinabayad pagkatapos ng anihan o tubong isang daang porsyento (100%). Ang baligtaran ay isang sistema ng pag-utang na pinapalitan ng pera ang palay. Halimbawa, isang kaban sa bawat piso ng inutang. Maliwanag na sa anumang sistema ng pagpapautang, ang nakikinabang ay ang may-ari ng lupa at laging dehado ang tenante.

Isa pang dagdag na paghihirap ng mga mamamayan ang buwis, lalo pa nga't sa tingin ng mga Caviteño, ang mga buwis na kinokolekta sa mga tao ay napupunta sa mga opisyal ng gobyerno.[15] Ganito ang sitwasyon sa Cavinti noong mga panahong 1930 nang lumaganap ang kilusang Anak Pawis sa naturang bayan.[16]

Sa puntong ito, mahalagang alamin kung paano nakarating o paano naitatag ang kilusang Asedillo o Samahan ng Anak Pawis sa bayan ng Cavinti. Ang kilusan ni Teodoro Asedillo ay lumaganap sa mga baryo bandang silangan ng Cavinti sa Talaongan, Cansuso, Sisilnin, Bukal, Layug at iba pa mula sa mga bayan ng San Antonio at Paete.

Sa pag-aaral na ginawa ni Victor Paz, sinabi niyang ang ama ni Asedillo ay dating Konsehal ng San Antonio.[17] Noong 1918, nagsimulang magturo si Asedillo sa Paaralang Elementarya ng San Antonio. Malakas ang kanyang personalidad at kahit hindi siya ang prinsipal ng paaralan, madalas na siya ang nilalapitan ng mga guro at estudyante. Bilang guro ng Edukasyong Pangkatawan, gumawa siya ng *track and field oval* sa paaralan at tuwing umaga, siya'y tumatakbo at nagkakalestiniks.[18]

Noong 1924-25, naalis si Asedillo sa pagkaguro. May dalawang bersyon tungkol sa pagkakatanggal niya sa paaralan. Una, dahil sa kanyang pananaw laban sa gobyernong Amerikano na tinutuligsa niya sa kanyang mga klase at ang ikalawa ay dahil sa inggit ng kanyang mga kasamang guro.[19]

Naging hepe rin ng pulisya si Asedillo sa Longos at Paete pagkatapos ng kanyang pagiging guro. Ilang taon lamang siyang naging hepe sapagkat napagbintangan siyang nagnakaw ng salapi ng munisipyo. Nanilbihan din siya sa isang pagawaan ng tabako. Ngunit nang masangkot siya sa welga ng pagawaan ng La Minerva, pinaghanap siya ng mga pulis kaya napilitan siyang magtago at mamundok.[20]

Bago pa man naganap ang welga, si Asedillo ay kasapi na ng Partido Komunista at miyembro ng Samahan ng Anak Pawis.[21] Sa pagtatago sa kabundukan, nagtatag siya ng sangay ng Samahan ng Anak Pawis sa mga bayan ng Laguna at Quezon. Kumilos siya sa mga baryo ng Longos, San Antonio, Cavinti at Sampaloc. Sa bayan ng Cavinti, nakuha niya ang suporta ng mga baryo sa Bukal, Kansuso, Sisilmin at iba pa. Sang-ayon sa mga matatandang taga-Cavinti na nakapanayam ng may-akda, malawak ang suporta kay Asedillo dahil mahusay ang kanyang pagtuturo at pagpapaliwanag sa mga tao. Sa mga baryo ng Cavinti na kanyang kinikilusan, sa mga paaralan siya nagpapamiting. Sa umaga pagkatapos ng *flag ceremony,* nanghihingi siya ng *blackboard* at *chalk* sa guro. Tinitipon niya ang mga tao at pinagpapaliwanagan tungkol sa layunin at mithiin ng samahan.[22] Ang kanyang programa ay tungkol sa pagkakamit ng tunay at ganap na kalayaan, ang pagkakapantay-pantay ng mga tao, at ang pagbibigay ng lupa sa mga walang lupa.[23]

Mahal ng mga tao si Asedillo. Halos lahat ng baryo sa Cavinti ay nagbigay ng tulong sa kanya.[24] May mga taong naglilikom ng salapi mula sa baryo upang ibigay sa kanya. Marami ang naniniwala

na parang Robin Hood si Asedillo. Nagnanakaw ang mga tauhan niya sa mga may kaya, at pagkatapos ay ipinamamahagi sa mga mahihirap. Halimbawa, kapag nagnakaw ng kalabaw ang mga tauhan ni Asedillo, binibigyan ng tig-iisang kilo ang mga pamilya sa mga baryong kanilang kinikilusan.

Sa paglipas ng mga buwan, naging popular ang pangalan ni Asedillo. Kinalaban niya ang mga may kaya, mga pulis, at iba pang ahente at espiya ng pamahalaan. Sa bandang huli, lahat ng mga nakawan ng kalabaw, baka at baboy ay ibinintang sa kanya kahit na iba ang may kagagawan. Marami ang pagkakataong ginamit ng mga masasamang tao ang pangalan ni Asedillo para sa kanilang pansariling kapakanan.

Nagtapos ang kilusan ni Asedillo nang siya ay masukol at paslangin ng mga ahente ng gobyerno sa Sampalok, Quezon noong Disyembre 1935. Ang pagpaslang kay Asedillo ay naganap pagkaraan ng ilang buwang pagmo*monitor* at pagmamatyag ng mga awtoridad at ng Konstabularyo sa kanyang Kilusan. Siya ay nasukol dahil sa pagsosona ng mga baryong kanyang ginalawan sa mga bayan ng Cavinti at Sampalok.[25]

Nang dumating ang mga Hapon noong 1942 at sakupin ang Cavinti, marami ang mga taong nanirahan sa bukid sa takot sa mga kaaway na Hapones. Naganap ito noong mga unang buwan ng taong 1942. Di nagtagal, naitatag sa Cavinti ang mga gerilya *unit* ng USAFFE at nagkaroon din ng sangay ang Hukbalahap. Diumano, ang pangkat ng gerilya sa pamumuno ni Anderson ang sumuporta sa pangkat ng Hukbalahap sa Timog Luzon.[26]

Sa pakikipanayam ng may-akda sa mga taga-Cavinti, madalas nababanggit ang pag-aaway ng mga gerilya na pinamumunuan ni Juan Villamin at mga Huk. Aniya, nagkaroon ng inggitan at personal na alitan ang magkabilang panig sanhi ng suportang ibinibigay ng

mga Amerikano sa mga pangkat ng gerilya sa ilalim ng USAFFE. Ang isa pang dahilan ng di pagkakaunawaan ay ang pagkontrol ng mga gerilya ng supply ng pagkain at mga armas. May isang insidenteng pumatay ng isang opisyal na gerilya ang isang Huk dahil sa pagkontrol ng opisyal sa pagbibili ng langis sa mga taong bayan.

Sa kabilang dako, nagpatuloy ang labanan ng mga Huk at mga Hapon na nagaganap sa mga baryo sa labas ng sentro ng komunidad. Naging matindi ang paglalaban ng pwersang Huk at mga Hapon sa Cavinti nang paalis na ang mga Hapon noong 1945.

## Mga Radikal na Kilusan sa Kontemporaryong Panahon

Nang bumalik ang mga Amerikano sa Pilipinas at magapi ang mga Hapones noong 1945, ang kilusang Hukbalahap ay naging Hukbong Mapagpalaya ng Bayan o HMB. Sa pakikipanayam ng may-akda kay Major Gertrudo Perolina, isang opisyal na militar at naging Technical at Intelligence Officer sa Laguna noong 1980, ang mga dahilan ng paglaganap ng Kilusang HMB sa Cavinti ay ang pagsaping muli ng mga dating miyembro ng Samahang Anak Pawis sa samahang Huk (HMB) at ang hindi pagkilala sa Hukbalahap ng Estados Unidos. May mga dating kasapi ang HMB na nagsabing nakarating pa nga ang grupo nina Luis Taruc at Vicente Lava sa Cavinti. May binanggit din tungkol sa Stalin University kung saan tinuturuan ang mga magsasaka at iba pang kaanib ng kilusan ng mga naturang lider.[28] Ayon sa mga dating miyembro nito, kilala si Vicente Lava bilang VY, na ang ibig sabihin ay Victory Yantok. Ang mga ganitong ulat ay maaaring di-malayo sa katotohanan. Sa aklat ni Luis Taruc na *Born of the People* at sa *The Forest* ni William Pomeroy, sinasabing sa mga panahong 1940-1950, may Stalin University sa mga lugar na malapit sa bayan ng Longos.[29] Sa panahong ito mga 1950, patuloy pa rin ang paghihikahos ng mga magsasaka. Kulang na kulang pa rin ang parte nila sa ani at mga produkto. Patuloy pa rin ang mga labis na pagpapautang ng mga may-ari ng




lupa sa mga kasama. Karaniwan nang nababaon sa pagkakautang ang mga magsasaka o manggagawa sa bukid. Binigyan diin ng isang dating Huk na ipinaglalaban nila ang mga prinsipyo at layunin ng Katipunan, ang mga ideya at prinsipyo nina Andres Bonifacio at Jose Rizal.[30] Idinagdag pa niya na matindi ang katiwalian sa pamahalaan at ang nagpapakabusog sa mga buwis na kinokolekta sa mga tao ay mga opisyal ng gobyerno lamang.[32] Hindi rin nakapagtataka kung gayon na makaabot at lumaganap ang ideolohiya ng HMB sa mga baryo ng Cavinti na karugtong ng mga baryo ng Longos at San Antonio.

Base sa aking sariling karanasan, noong mga taong 1949-1950, nakatira ang aming pamilya sa poblacion ng Cavinti, natatandaan kong madalas, pagsapit ng ika-lima at kalahati ng hapon mayroon nang *curfew*. Pagkagat ng dilim nakakarinig kami ng putukan at barilan. Kinabukasan may matatagpuang mga patay na Huk sa plasa at tinitirikan ng kandila ng kanilang mga kamag-anak. Kung minsan naman, ang napapatay ay hindi mga Huk kundi ang mga mayayamang may-ari ng malalawak na lupain na karaniwang target

ng mga Huk. Kabilang na dito si Pedro Blasco isang nagmamay-ari ng malawak na taniman ng niyog. May isa pang mayaman na pinagtangkaang barilin subalit ang napatay ay isang taong napagkamalan lamang. Sa mga naturang taon, ipinagbawal ng munisipyo ang paninirahan sa baryo ng mga magbubukid. Maaaring magsaka sa araw lamang subalit bawal manatili sa bukid sa gabi.

Nang panahong iyon, ang lumalaban sa mga Huk ay ang Batallion Combat Team (BCT) na itinatag ni Kalihim ng Pambansang Tanggulan Ramon Magsaysay. Sang-ayon kay Major Gertrudo Perolina, may mga limandaan ang kasapi ng HMB sa Cavinti. Karamihan dito ay dating kasapi rin ng Samahan Anak Pawis na pinamumunuan ni Teodoro Asedillo noong panahon ng Komonwelt. Sang-ayon din sa isang dating Huk at kay Juan Conde na naging pulis ng Cavinti, noong mga panahong mga 1949-1950, halos lahat ng baryo ng Cavinti ay nagbibigay ng tulong sa kilusan HMB.[30] Ang hinihiling na tulong ay ayon lamang sa kakayanan ng mamamayan. Ang mga kasapi ng HMB ay naniniwala sa programa at prinsipyong ipinaglalaban ng Huk noong mga panahong 1950. Nanatili itong tagapagtaguyod ng ganap na kalayaan, reporma sa lupa at pagkakapantay-pantay sa lipunan.

Gayunpaman, unti-unting humina ang mga Huk. Ang ilan sa mga dahilan ay ang patuloy na pagpatrolya ng BCT sa mga baryo at sakahan. Naputol na rin ang supply ng pagkain. Isa pang dahilan ay ang pagsurender ng mga Huk sa Cavinti dahil sa koneksyon ni Major Perolina sa mga pamilyang Huk. Maraming miyembro ng Huk ay dating estudyante ni Major Perolina na dat-ing guro sa Bukal, baryo ng Cavinti at madali niyang napakiusapan ang mga magulang na isuko na ang kanilang mga anak na Huk. Dahil taga-Cavinti mismo si Major Perolina, malaki ang nagawa niya upang mapasuko ang mga Huk sa Cavinti at mga karatig bayan.[33]

Isa ring mahalagang bahagi ng tradisyong radikal sa Cavinti ang paglaganap ng kilusang Bagong Hukbong Bayan o New Peoples Army (NPA) na itinatag ni Jose Ma. Sison noong mga 1969. Ito'y isang maliit na grupo lamang subalit lumaganap sa iba't ibang dako ng kapuluan noong mga 1970 sa panahon ng batas militar. Sa Cavinti, ang naging miyembro ay karamihang may edad 20 hanggang 30. Sinasabing ang mga dayong lider ng NPA ay may matatalas na isipan at mahusay magpaliwanag.[34] Nahihikayat ang mga tao na sumuporta sa kilusan ngunit hindi maiwasan ang pangamba ng mga mamamayan dahil sa mga dalang sandata ng mga NPA. Baka magkabarilan ang mga puwersa ng Hukbo ng pamahalaan at ng mga NPA at maging biktima sa palitan ng putok ang mga sibilyan. Sa Cavinti, may mga engkuwentro ng naganap sa pagitan ng mga NPA at mga sundalo na naging sanhi ng pagkamatay ng mga inosenteng sibilyan noong panahon ng administrasyon ni Pangulong Aquino.[35]

Nakakatawag pansin ang paglaganap ng NPA sa bayan ng Cavinti. Mainam tanungin kung bakit nagbigay ng suporta ang mga tao mula sa mga baryo sa naturang kilusan. Dahil ba patuloy pa rin ang paghihirap ng mga magsasaka? Hanggang sa mga panahong 1970, ang mga di makatarungang kalakaran sa pagpapautang ng pera o palay o produkto sa pagitan ng kasama at may-ari ng lupa ay patuloy na umiiral. Patuloy din ang pagtaas ng presyo ng bilihin na lalung nagpalala sa gipit na kalagayan ng mga magsasaka. Bukod dito, ang ilan sa mga dating taga-suportang nagmula sa HMB ay nagbigay tulong din sa NPA o Bagong Hukbong Bayan.

## PAGLALAGOM

Ang mga kilusang radikal na lumaganap sa Cavinti ay hindi umusbong mismo dito kundi dala ng mga dayo mula sa karatig lugar. Ang lokasyon ng Cavinti, lalo na ang mga baryo sa Silangan,

ay naging magandang taguan at karaniwang daanan ng mga rebelde patungong Quezon at Bicol mula sa Gitnang Luzon at pabalik dito. Dahil malapit sa kabundukan at kagubatan ang Cavinti, tamang-tama itong gawing kublihan ng mga nagtatago at lumalaban sa pamahalaan. Ganyan ang nangyari sa mga Katipunero, sa kilusan ni Asedillo, sa mga Huk at sa mga NPA. Binabanggit din ng mga nakapanayam ng may-akda na maging si Ka Roger ay nakakarating at kumikilos sa mga baryo ng Cavinti.

Bilang mag-aaral ng kasaysayan, mapapansing sa paglaganap ng mga tinatalakay na kilusan, napakahalaga ang suporta ng mga mamamayan. Maliwanag ito sa Katipunan, sa kilusan ni Asedillo, sa HMB at sa Bagong Hukbong Bayan o NPA. Ang suportang ibinigay ng mga tao mula sa mga baryo ay dahilan ng paglawak at paglaganap ng mga kilusang radikal; gayundin, ang pag-aalis ng suporta ay siya ring naging daan sa paghina o pagkawala ng mga radikal na samahan. Ang NPA, sa paniniwala ng mga dating kasapi ng HMB at ng mga politisadong mamamayan, ay pagpapatuloy ng pakikilaban na sinimulan nina Andres Bonifacio at ng mga Katipunero — walang iba kung hindi ang pagkakamit ng lubos at ganap na kalayaan at mabuting pamumuhay na hanggang ngayon ay hindi pa nakakamit ng nakararaming mga Pilipino.

Sa pag-aaral na ito, naipakita na ang mga radikal na pangkat na lumaganap sa Cavinti at itinaguyod ng mga Cavinteño ay pagpapatuloy ng mga simulain at layunin ng Katipunang itinatag ni Bonifacio at binigyang inspirasyon ni Jose Rizal. Ang problema sa agraryo bagamat hindi gaanong litaw sa panahon ng rebolusyon na naging matindi sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano ay nagpapatuloy. Naghihirap pa rin ang mga magbubukid dahil sa hindi makatarungang pagpaparte ng ani sa pagitan ng may-ari at kasama sa lupa. Ang presyo ng mga bilihin ay walang hinto sa pagtaas. Marami pa ring anak ng mga magsasaka ang hindi nakakatapos ng pag-aaral kahit sa mababang paaralan lamang. Ang programang

reporma sa lupa ay hindi nakapagbigay solusyon sa problema ng mga magbubukid sa Cavinti sapagkat karamihan sa mga may-ari ng lupa ay hinati-hati ang kanilang sakahan sa kanilang mga anak.[35] Ang pagkakaroon ng tunay, ganap at lubos na kalayaan at maginhawang pamumuhay ay hindi pa nakakamit sa ngayon ng mga Cavinteño sa partikular at ng nakararaming Pilipino sa kabuuan.

## MGA TALA

[1] *Census ng bayan ng Cavinti, Laguna para sa taong 1996*. Inihanda ni Godofredo Duma para sa Bureau of Census & Statistics. Empleyado si G. Duma ng Bureau of Census sa lalawigan ng Laguna.

[2] Ladislao Linay, *Mga Minota ng Bayan ng Cavinti* (mga ulat at mga tala tungkol sa bayan ng Cavinti noong panahon ng Kastila hanggang sa mga panahong 1950. Nasa pag-iingat ito ni Patricio Linay, Cavinti, Laguna). Si G. Ladislao Linay ay naging kalihim ng munisipyo ng Cavinti noong mga taong 1870. Luis Dery "Peste y Calamidades: An Index Towards Understanding the Social History of the Philippines during the 17th-18th centuries" (Papel na binasa sa Manila Studies Conference, June 27, 1994, pp. 8-9).

[3] Gil Gotiangco, Jr. II ***"Laguna 1571-1902, The Making of a Revolutionary Milieu"*** (MA Thesis), Q.C., U.P., 1980, p. 112; Panayam kay Gonzalo de la Cruz, apo ni Don Jacinto Ramos, naging gobernadorcillo ng Cavinti, noong ika-5 ng Agosto 1994, Cavinti, Laguna. Tingnan "Relaciones de Gobernadores y Ministro de Justicia del Pueblo de Cavinti de Presenta Brenio de 1887-1889" en ***Varias Provincia: Relaciones de los Gobernadorcillos y Ministros de Justicia de los Pueblos de este Provincia de la Laguna de Brenio de 1887-1889,*** Manila, National Archives. Nagbigay din ng impormasyon si G. De la Cruz tungkol sa pananakop ng Hapon dahil siya'y naging gerilya.

[4] Panayam kay Gonzalo de la Cruz. ***Ibid***. Marahil epekto na rin ng kilusang propaganda, tulad ng mga sinulat ni M.H. del Pilar ang nagpabago ng persepsyon ng mga tao sa pari.

[5] ***Ibid.***, Panayam kay Santiago Ruazol, anak ng Katipunero noong ika-28 ng Mayo 1991 sa bayan ng Cavinti, Laguna.

[6] Gotiangco, op. cit., p. 128.

[7] Tingnan ***Kartilla ng Katipunan ni Emilio Jacinto*** at ***Dekalogo*** ni Andres Bonifacio.

[8] Linay, op. cit.; Santiago Alvarez, ***The Katipunan and the Revolution:***

*Memoirs of the General* (with the original Tagalog text, translated into English by Carolina S. Malay) (Q.C., Ateneo de Manila University Press), pp. 27-29. Malamang na ang petsang Agosto 3 ay Agosto 30.

[9] *ibid.*

[10] Panayam kay Gonzalo de la Cruz, ika-5 ng Agosto 1994, Cavinti, Laguna; Panayam kay Santiago Ruazol noong ika-28 ng Mayo 1991, Cavinti, Laguna.

[11] Linay, op. cit., p. 27.

[12] Gotiangco, op. cit., p. 167.

[13] Ibid., p. 173.

[14] Linay, op. cit.

[15] Panayam kay Gonzalo de la Cruz; Panayam sa isang dating Huk (ayaw magpakilala), noong ika-27 ng Mayo 1996 sa Cavinti, Laguna.

[16] Ang kilusang Anak Pawis o Katipunan ng mga Anak Pawis ay itinatag noong 1929 sa ilalim ng pamamatnubay ng Partido Komunista. Ang pangunahing layunin ay organisahin ang mga manggagawa at mga naaping masa. Renato Constantino, ***The Philippines: A Past Revisited*** (Q.C.: Tala Publishing Services,1975), pp. 367-368.

[17] Victor Paz, "Mula kay Kapitan Kulas Patungo kay Ka Dodo: Isang Pag-aaral sa Pagsulong ng Tradisyon ng Armadong Pakikibaka 1930-1936" (MA Thesis ), U.P., 1994, p. 74.

[18] Panayam kay Francisco Oliveros (retiradong guro), noong ika 4 ng Abril 1989 sa Cavinti, Laguna; at kay Melquiades Ansay (retiradong superbisor), noong ika-5 ng Abril 1989 sa Sta Cruz, Laguna. Sila ay mga naging guro sa baryo Bukal, Cavinti, Laguna noong panahon ni Asedillo.

[19] Paz, op. cit., pp. 78-79.

[20] Constantino, op. cit., p. 371.

[21] Ibid.

[22] Panayam kay Francisco Oliveros noong ika 4 ng Abril 1989 sa Cavinti, Laguna.

[23] ***The Tribune***, January 18, 1936; Panayam kay Melquiades Ansay noong ika 5 ng Abril 1989 sa Sta. Cruz, Laguna.

[24] Panayam kay Juan Conde noong ika 28 ng Mayo 1995 sa Caviti, Laguna. Si G. Conde ay dating pulis sa bayan ng Cavinti noong panahon ni Asedillo.

[25] Panayam kay Juan Conde noong ika-28 ng Mayo 1995 sa Cavinti, Laguna; Paz, op. cit., pp. 170-189.

[26] Teodoro Agoncillo, ***Fateful Years: Japan Adventure in the Philippines 1941-1945***, vol. 1 (Quezon City. RP Garcia Publishing Co., 1965), p. 674

[28] Panayam kay Gonzalo de la Cruz noong ika-5 ng Agosto 1996 sa bayan ng Cavinti, Laguna. Siya ay naging gerilya noong panahon ng Hapon.

[29] William Pomeroy. ***The Forest*** (New York: International Publishers, 1963), p. 78.

[30] Panayam sa isang dating Huk (ayaw magpakilala) noong ika-28 ng Mayo 1995 sa Cavinti, Laguna.

[31] ibid.

[32] Sang-ayon kay G. Juan Conde, malakas ang HMB, may mga naniniwala sa ipinaglalabang prinsipyo; ang iba naman ay natatakot lamang kaya nagbibigay ng suporta.

[33] Napasuko rin ni G. Perolina ang isang Huk na kilala bilang Kumander Samonte nong mga 1950.

[34] Kasama sa pangkat ng mga NPA na kumilos sa Cavinti ay mga doktor at nars mula sa mga Unibersidad sa Maynila sang-ayon sa mga taga-Cavinti.

[35] Tulad ng nabanggit sa mga naunang pahina, ang reporma sa lupa ay bahagya ang naging epekto sa mga Caviteño. Iilan lamang ang may malawak na lupain sa bayan ng Cavinti.

